# 소망의 여인들

## Prayer Calander

2025년 1월

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 110,000 na mga tao



**Panalangin para sa mga Babaeng Europeo**

Ang bagong taong 2025 ay dumating.  Saan nanggagaling ang kalakasan na mamuhay tulad ni Jesus?  Makipag-isa sa Diyos at mapagpakumbabang ialay ang ating mga sarili na may pag-ibig at pagsunod. Ang Banal na Espiritu na nasa atin ang magbibigay sa atin ng lakas. "Ngunit ikaw, magpatuloy ka sa mga bagay na natutuhan mo at matibay mong pinaniwalaan, yamang kilala mo ang mga nagturo nito sa iyo. Mula pa sa iyong pagkabata ay alam mo na ang Banal na Kasulatan, na nagbigay sa iyo ng karunungan upang matutuhan ang kaligtasang makakamit sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus."(2 Tim. 3:14-15). Nawa ang 2025 ay maging isang taon ng pagtingin lamang sa mabuti at magandang Panginoon at sa paglakad kasama Niya.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니다.

1. Panginoon, bigyan Mo ng karunungan at pagkamalikhain ang aming grupo na gumagawa ng programang Hidden Treasures Part 2 audio drama. Nawa ay maging pagpapala ang drama program na ito sa mga nakalaya mula sa prostitusyon at ngayon ay sumusunod na sa Iyo sa kanilang panibagong buhay. (2 Cor. 5:17)

2. Panginoon, habang ang aming grupo sa Albania ay naglilingkod sa mga kababaihan na nakaalis sa sitwasyon ng karahasan sa loob ng tahanan, nawa ay bigyan Mo sila ng kakayahan na maipakilala si Jesus sa mga kababaihan at mai-ugnay sila sa mga local na simbahan at samahan na makakatulong sa kanila. (Heb. 13:16)

3. Ama, nawa, ang mga Kristianong kababaihan sa Croatia ay magkaroon ng pagkakataon na makipag-ugnayan sa isa't isa para magtulungan, magsama-sama at magpalakasan ng kanilang pananampalataya upang mapagtagumpayan nila ang mga hamon sa araw-araw. (1 Thess. 5:11)

4. Panginoon, hinihiling namin na aliwin Mo ang mga kababaihan sa Denmark na nalilito tungkol sa kanilang kasarian.  Gabayan Mo sila upang matanggap nila ang pagkakakilanlan na ibinigay Mo sa kanila, (Gen. 1:27)

5. Panginoon, pinupuri namin ang Iyong katapatan dahil ang TWR Women of Hope sa Finland ay nagdiriwang ng ika-25 taong anibersaryo.  Nagpapasalamat kami sa mahigit na 90 grupo ng nanalangin na naitatag sa bansa. (Lam. 3:22-23)

6. Ama, hinihiling namin na ingatan Mo ang mga Kristiano at Judyo sa France na inaatake o napapatay dahil sa kanilang pananampalataya.  Nawa ay baguhin Mo ang mga taong may pusong puno ng galit. (Ps. 140:1)

7. Diyos, dalangin namin na nawa ang mga biktima ng pangangalakal ng tao na nagtatrabaho sa mga lugar ng prostitusyon sa Germany ay makatanggap ng tulong upang makapagpanibagong buhay nang may Kalayaan. (Ps. 119:134)

8. Nawa ang mga mamamayan ng Greenland ay mapalaya mula sa alcohol at droga na sumisira ng pamilya at humahantong sa pang-aabuso at pagpapakamatay. Jesus, pasukin Mo po ng Iyong liwanag ang kanilang kadiliman. (John 8:12)

9. Maraming kabataang babae sa Netherlands ay nahihirapan dahil sa depresyon. Nawa ay makatanggap sila ng tulong na kailangan nila at makatagpo ng tunay na kaaliwan at kapahingahan kay Jesus. (Matt. 11:28)

10. Ama, palayain Mo nawa ang mga kababaihan sa North Caucasus mula sa paghatol ng lipunan at pamilya, bigyan Mo sila ng katapangan na hayagang sumunod kay Cristo at magpatotoo ng kanilang pananampalataya.  (Isa. 41:13)

11. Nawa ay maabot ng programang Precious and Beloved ang puso ng mga kababaihan sa North Macedonia upang magdala ng pag-asa, kagalingan at kalayaan, lalo na sa mga dominanteng relihiyon. (Ps. 34:18)

12. Nawa, ay malugod na tanggapin ng mga Kristianong Norwegian ang mga imigranteng kababaihan na nag-iisa, dumaranas ng suliranin tungkol sa wika, kultura, at diskriminasyon. (Lev. 19:34)

**TWR Korea 북방선교방송**
서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

13. Panginoon, pagkalooban Mo ng karunungan at pang-unawa ang mga namumuno at oposisyong political sa Poland upang sila ay magkaisa at mapangunahan ang bansa. (Jer. 29:7)

14. Dalangin namin na nawa ay mapagkalooban ng tamang sweldo sa trabaho at madagdagan pa ang pagkakataon sa lipunan para sa mga kababaihan sa Portugal. (Ps. 34:15)

15. Habang tumataas ang bilang ng naghihiwalay na mga mag-asawa sa Romania, Ama, tulungan Mo po ang mga nasa bingit ng paghihiwalay na matagumpay na maipaglaban ang kaligtasan ng kanilang pamilya. (Mark 10:9)

16. Diyos, nawa ay maghanap ang mga kababaihan sa Russia ng relasyon sa Iyo, lumago sila sa pananampalataya at makatagpo ng kaaliwan at kalakasan sa Iyo para sa kanilang buhay. (Eph. 3:16)

17. Panginoon, magdala ka Nawa ng kapayapaan at pagkakaisa sa mga pamilya sa Serbia. Nawa ay kilalanin nila ang kanilang halaga at kakayahan kay Cristo at maging tagapagdala nawa sila ng pag-ibig, pang-unawa at pananampalataya.. (1 Pet. 3:9)

18. Habang tumataas ang antas ng pagpapakamatay sa Spain, hinihiling namin, Ama, na nawa ang mga kabataang babae ay matutong mag-ingat ng kanilang isipan mula sa mga hindi makatotohanang pamantayan ng social media. (Ps. 147:3)

19. Dalangin namin, Panginoon, ang mga ulila sa Albania at mga bata na pinabayaan ng kanilang mga magulang. Nawa ay mabigyan sila ng Iglesya ng pag-ibig at maipakilala ang mga batang ito kay Jesus. (Deut. 10:18)

20. Ama, gamitin Mo nawa ang programang Arise and Shine upang hipuin, hikayatin at palakasin ang puso ng mga kababaihan sa Belgium at Netherlands upang malaya nilang maipamuhay ang kanilang pananampalataya. (Isa. 60:1)

21. Nawa ay malaman ng mga kababaihan sa Croatia ang kanilang halaga kay Cristo, maging malaya sa takot at kawalang-katiyakan, at humakbang patungo sa kalayaan at kumpiyansa na nanggagaling sa Kanya. (Matt.10:31)

22. Nawa ang mga kababaihan sa Denmark na namumuhay sa takot na matanggihan, maabuso, kalungkutan, pagkagutom o kawalan ng tahanan ay magtiwala sa Iyo, Diyos, upang Ikaw ang kanilang maging Tagapagtanggol, Tagatustos, at pag-asa. (Ps. 18:2)

23. Ama, wasakin Mo ang gapos ng droga at pang-aabuso sa alak sa Faroe Islands at panumbalikin Mo ang pamilya na nawasak ng mga sangkap na ito. Tulungan Mo ang mga tao na makatagpo ng pag-ibig at kagalingan sa Iyo. (John 3:16)

24. Isang botohan noong 2021 ay nagpakita na mahigit sa kalahati ng mamamayan ng France ay hindi naniniwala sa Diyos at para sa kanila ay walang halaga ang Kristianismo. Palakasin Mo nawa ang mga tunay na mananampalataya upang maakit nila ang mga hindi relihiyosong tao patungo sa pag-ibig ng Diyos at sa katotohanan. (Luke 18:8)

25. Pinupuri Ka namin, Diyos, dahil sa mga tagapanalanging German na matapat na nanalangin gamit ang prayer calendar at gayundin sa mga donors na nagbibigay upang maipagpatuloy ang mga programa ng Women of Hope sa iba't ibang mga wika. (Phil. 1:3-5)

26. Nawa ay makita ng mga kababaihang Norwegian ang halaga ng sama-samang pananalangin, pagbabahaginan ng kagalakan at kalungkutan, pananalangin sa bawat isa at pananalangin para sa ibang mga kababaihan sa buong mundo. (Matt. 18:20)

27. Ama namin sa langit, dalangin namin na nawa ang mga kurikulum ng paaralan sa Polish ay magtaas ng modelong pampamilya ayon sa Iyong kalooban. (Matt. 19:4-5)

28. Panginoon, nawa ang mga kababaihang Portuguese na nagugulumihanan dahil sa sabay na responsibilidad sa pamilya at trabaho ay makatagpo ng kapahingahan sa Iyo habang tumitingin sa Iyong salita para sa gabay. (Matt. 11:29)

29. Sa kahirapan ng buhay, Panginoon, bigyan Mo ang mga kababaihang Romanian ng karunungan upang mapamahalaan nila ng maayos ang kanilang mga kabuhayan at upang maunawaan na Ikaw ang pinangagalingan ng lahat ng pagpapala. (James 1:17)

30. Ama, pagkalooban Mo ng karunungan ang aming grupo sa Serbia sa kanilang pagsusulat at paggawa ng mga programa. Nawa ay makapili sila ng mga paksa na makakatulong upang magbago ang buhay ng mga kababaihang nakikinig. (James 1:5)

31. Panginoon, nawa ang mga kababaihan sa Spain na nag-iisa, walang ikinabubuhay at nangangarap na makapagpatuloy sa kanilang pagbubuntis ay makatagpo ng suporta na kanilang kailangan. (Ps. 32:8)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**